INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
*Volume 2, Issue no. 7* 

# PAGSULOY NG BATAYANG KURIKULUM NG EDUKASYON: ISANG PENOMENOLOHIYANG PAG-AARAL

**DOI: 10.5281/zenodo.15809641**

**MARY GRACE YGOC**
University of the Visayas
marygrace.ygoc@deped.gov.ph

**ABSTRAK**

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa karanasan ng mga punong-guro at tagapagturo sa ika-pitong baitang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum sa paaralang Liloan National High School Extension - Don Bosco, Dumanjug National High School, at Carmen National High School-Day. Sa kabila ng mga hamon na dulot ng pagbabago, layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang mga karanasang napagdaanan sa pagpapatupad ng panibagong kurikulum. Kasabay ang mga ginamit na pamamaraan sa pagtuturo, paano nakakaapekto sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Gumamit ng kwalitatibong metodolohiya ang pag-aaral, kung saan nagsagawa ng mga panayam at talakayan kasama ang siyam (9) na kalahok na kinabibilangan ng punong guro at tagapagturo mula sa bahagi ng kauna unang pagpapatupad ng bagong kurikulum sa pasukang 2023-2024 at 2024-2025. Natuklasan sa mga resulta na ang mga punong guro at tagapagturo ay nakaranas ng parehong positibo at negatibong epekto mula sa bagong kurikulum. Kabilang sa mga positibong aspeto ang paghasa ng kakayahan at kasanayan ng indibidwal, pagiging malikhain sa pagtuturo at paggamit ng mga makabagong pedagogical approaches sa pagtuturo. Sa kabilang nito may kaakibat sa mga hamon tulad ng kakulangan sa pagsasanay, mga materyales na gagamitin sa pagtuturo, maiging pagsusuri sa nilalaman ng kurikulum. Ang pag-aaral ay nagmumungkahi ng mga rekomendasyon para sa mas epektibong pagpapatupad ng bagong kurikulum, tulad ng pagpapalakas ng mga programa sa pagsasanay, pagbibigay ng sapat na suporta mula sa administrasyon, pagkakaroon ng Collaborative Session ng mga tagapagturo sa paghahatid ng kalidad na edukasyon at pagbabahagi o pagmumungkahi ng mga natutunan sa isang LAC Session. Ang mga natuklasang ito ay nagbigay ng mahalagang kaalaman na hindi lamang makakatulong sa mga tagapagturo kundi sa kabuuang proseso ng edukasyon sa bansa.

***Mga Susing Salita:*** *Bagong Kurikulum, Pedagogical Approaches, Collaborative Session, LAC Session*

## INTRODUKSYON

Ang kurikulum ay nagbibigay ng balangkas para sa pagtuturo at pagkatuto. Ito ay nagpapahalaga sa mga kasanayan, kaalaman, at pag-unlad ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng kurikulum, natututuhan ng mga mag-aaral ang mga konsepto, prinsipyo, at kasanayang makatutulong sa kanilang personal at propesyonal na buhay. Ito rin ay nagbibigay-daan upang mapag-aralan ang iba't ibang asignatura gaya ng agham, sining, at kultura. Pinalalawak nito ang pananaw ng mga mag-aaral sa iba't ibang larangan. Sa pangkalahatan, ang kurikulum na mayroon tayo ay hindi lamang nagtuturo ng mga akademikong kasanayan kundi pati na rin ng pagpapahalaga, mga kasanayan sa buhay, at pagiging produktibong kasapi ng lipunan. Dahil dito, mahalaga ang kurikulum sa paghubog ng mga kabataan patungo sa magandang kinabukasan.

Inilunsad noong nakaraang Agosto 10, 2023, ng Kagawaran ng Edukasyon ang tinatawag na Bagong Kurikulum. Ang layunin ng nasabing bagong kurikulum ay pagtuunan ng pansin ang mga isyung pang-edukasyon sa bansa. Ayon sa Department of Education (DepEd), ang bagong kurikulum ay nakatuon sa pagpapahusay ng kakayahan sa pagbasa at pagbilang ng mga mag-aaral. Sa pagbubukas ng taunang pasukan sa 2024–2025, sisimulan ang pagpapatupad ng bagong kurikulum sa Kindergarten, Unang Baitang, Ikaapat na Baitang, at Ikapitong Baitang. Samantala, sa pasukan sa taong 2025–2026, magsisimula ang pagpapatupad ng bagong kurikulum sa Ikalawang Baitang, Ikalimang Baitang, at Ikawalong Baitang. Susundan naman ito ng Ikatlong Baitang, Ikaanim na Baitang, at Ikasiyam na Baitang sa taunang pasukan sa 2026–2027, at ng Ikasampung Baitang sa taong 2027–2028. Inaasahan ng Kagawaran ng Edukasyon na sa taong 2028 ay ganap nang maipatupad ang bagong kurikulum.

Ayon kina Kilag et al. (2023), ang pananaliksik sa mga salik sa pagpapatupad ng kurikulum ay hindi lamang nauugnay sa pagpapahusay ng mga kasanayang pang-edukasyon, kundi ito rin ay nakatutulong sa pagtugon sa mga pandaigdigang hamon sa edukasyon. Habang lalong nagiging magkakaugnay ang mundo, ang mga pananaw na nakuha mula sa karanasan ng Pilipinas ay maaaring magbigay ng mahahalagang aral para sa ibang mga bansa na nagsusumikap na mapabuti ang sistema ng edukasyon.

Para kina Low et al. (2022), ang matatag at epektibong inilapat na kurikulum ay mahalaga sa pagbuo ng isang de-kalidad na sistema ng edukasyon. Ang mga tagapagturo at gurong lubos na mapagkumpitensya, at ang mga makabagong pasilidad ng paaralan, ay magbibigay-daan sa tagumpay ng mga mag-aaral. Upang umunlad ang kinabukasan, kailangang magsumikap sa kasalukuyan. Sa pangkalahatan, ang epektibong reporma sa sistemang

pang-edukasyon ay dapat na may kontrol mula sa pamahalaan sa mga institusyong pang-edukasyon. Kinakailangang magtulungan ang bawat isa upang matugunan ang mga balakid sa pagpapatupad nito.
Ang pag-aaral at pag-unawa sa pagpapatupad ng bagong kurikulum ay inaasahang hindi magiging madali sapagkat maraming bagay ang kinakailangang bigyang-pansin—mula sa karanasan sa sistemang umiiral, nilalaman ng kurikulum, mga tagapagturo at mag-aaral, mga kagamitang panturo, at ang patuloy na paghahasa sa kaalaman ng bawat isa.

Napili ng mananaliksik ang pag-aaral na "Pagsulong ng Batayang Kurikulum ng Edukasyon: Isang Penomenolohiyang Pag-aaral" dahil paulit-ulit ang mga isyung lumilitaw sa mga nakaraang kurikulum at hindi sapat ang mga planong inihahanda. Isang makabuluhang agwat sa pagpapatupad ng kurikulum ay tumutukoy sa pagkakaiba ng nilalayong kurikulum (kung ano ang pinaplano ng tagapagbuo) at ng ipinatutupad na kurikulum (kung ano ang aktuwal na nangyayari sa silid-aralan).

Sa paglipas ng panahon, maraming nagbago at marami pa ang magbabago, tulad ng mga karanasang kinahaharap ng mga guro—mula sa pagtuturo, paggawa ng mga gawain, pagsusuri, at pagplano ng mga makabagong estratehiya sa loob ng silid-aralan. Kung iisipin, minsan ay hindi sapat ang mga kagamitan at pasilidad sa paaralan, kasama na ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga tagapagturo at ang pagbabago ng kurikulum. Hindi madadaan sa isang usapan lamang ang pagsolusyon sa napakaraming suliraning kinakaharap ng mga guro.

Sa kabila ng malawak na pagsisikap sa pagdidisenyo ng kurikulum, mga balangkas, at pamantayan, kadalasang may kakulangan sa pagkakahanay ng nilalayong kurikulum at aktuwal na naipatutupad sa mga silid-aralan. Kailangan mabigyang-pansin ang mga maliliit na bagay na maaaring makatulong sa pagpapaunlad at pagbabago ng sistemang pang-edukasyon.

Sa pananaliksik na ito, aalamin kung anong mga karanasan ang pinagdaanan ng mga guro, gaano kahanda ang lahat sa paggamit ng mga kagamitang panturo, pasilidad, estratehiya, at pagkakaroon ng ebalwasyon—higit sa lahat, ang epektong dulot ng pagsisimula ng bagong kurikulum. Hangad ng mananaliksik na mabigyang-linaw ang mga katanungan at makahanap ng solusyon sa anumang kalalabasan ng pag-aaral.

**Pilosopikal na Pagpapalagay**

Ang mga pilosopikal na pagpapalagay sa pananaliksik, tumutukoy sa pinagbabatayan na mga paniniwala at gumagabay sa kung paano tinitingnan ng mananaliksik ang pag-aaral. Hinuhubog nito ang disenyo ng pananaliksik, pamamaraan, at interpretasyon ng mga natuklasan.

**Ontolohiya.** Ito ay ang pag-aaral na naglalarawan kung paano tinitingnan ng mananaliksik ang realidad at ang kalikasan ng pakikipag-ugnayan ng tao sa mundo. Nakatuon ito sa mga pagpapalagay na ginagawa ng mga mananaliksik upang tanggapin ang isang bagay bilang totoo. Sa pagsisimula ng bagong kurikulum sa batayang edukasyon, masasalamin dito ang mga karanasan ng mga tagapagturo, kabilang ang paggamit ng mga kagamitang panturo, pasilidad ng paaralan, estratehiyang panturo, at pakikisalamuha sa mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

**Epistemolohiya**. Ang Bagong Kurikulum ay ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon, lalo na sa mga sekondaryang pampublikong paaralan. Kalakip ng mga karanasan ng mga pampublikong punong guro at gurong nagtuturo sa Ika-pitong Baitang ng asignaturang Filipino, ang nasabing mga kalahok ang siyang magsisilbing pangunahing sanggunian ng kaalaman hinggil sa katotohanan ng kauna-unahang pagpapatupad at taunang pagbubukas ng bagong kurikulum. Ang mga makakalap na impormasyon mula sa pakikipanayam ay maglalarawan sa mga karanasang pinagdaanan at maaaring kaharapin pa ng mga guro. Kalakip ng kaalamang nakalap, ito ay magsisilbing gabay sa pagsagot sa mga tanong sa loob ng pananaliksik, kung saan tanging katotohanan lamang ang ilalahad.

**Aksiologi.** Sa pag-aaral ng mga karanasan ng mga pampublikong punong guro at guro sa Ika-pitong Baitang na nagtuturo ng asignaturang Filipino, binibigyang-halaga ng mananaliksik ang mga makakalap na datos at masusing susuriin ang bawat impormasyong ilalahad sa pananaliksik. Sinusuri rin ang antas ng pag-unlad at ang mga uri ng *perceptual biases*. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng proseso ng pananaliksik, isinasaalang-alang ang mga halagang itinataguyod ng mananaliksik sa pag-aaral na ito bilang gabay sa masusing paghahanap ng kaalaman.

**Metodolohiya.** Sa pagsasagawa ng pag-aaral tungkol sa pagsisimula ng bagong kurikulum sa batayang edukasyon, na ginamitan ng disenyo ng deskriptibong penomenolohiya, gumamit ang mananaliksik ng angkop na estratehiya at humingi ng pahintulot mula sa mga awtorisadong tao at respondente. Kabilang sa disenyo ng pag-aaral ang mga pamamaraan at teknik na ginagamit sa isang mahusay na binalak na pagsisiyasat upang mahanap ang mga sagot. Kabilang dito ang pangongolekta ng datos, paggamit ng mga kasangkapang pananaliksik, pagpili ng mga kalahok, at pagsusuri ng nakalap na impormasyon. Sa pamamagitan ng maayos na metodolohiya, naging mas sistematiko at organisado ang pagsasagawa ng pananaliksik na ito.

**Retorika.** Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa paggamit ng wastong pahayag at angkop na mga salita, na hindi manipulatibo, sa paglalahad ng mga karanasan ng mga pampublikong punong guro at gurong nagtuturo sa Ika-pitong Baitang. Ang mga datos na ilalahad ay itinuturing na mahahalagang bahagi ng pananaliksik at nararapat lamang na mailahad sa malinaw, maayos, at obhetibong paraan.

**Domeyn ng Pagtatanong**

Layunin ng pag-aaral na ilarawan ang mga karanasan ng mga guro at punong guro kaugnay sa kauna unahang pagpapatupad ng Bagong Kurikulum sa mga piling pampublikong sekondaryang paaralan ng Cebu Province mula sa taong 2023-2024 at 2024-2025 tungo sa pagdidisenyo ng isang *concept note*.

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay ang mga pamamaraang ginamit at paglalarawan ng mga hakbang na isinakatuparan sa pagsusuri. Pagsuloy ng Batayang Kurikulum ng Edukasyon: Isang Penomenolohiyang Pag-aaral. Dito nakapaloob ang dahilan kung bakit ito ang napiling paraan ng mananaliksik. Nakalagay dito ang mga pamamaraan at kagamitan na ginamit sa pag-aaral upang mangalap ng impormasyon sa mga respondente.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pamamaraang deskriptibong penomenolohiya ay ginamit upang maunawaan ang mga karanasan ng tao. Nilalayon nitong ilarawan ang mga karanasang lumilitaw sa kamalayan nang walang labis na interpretasyon o pagkiling. Ginamit ng mananaliksik ang pamamaraang ito upang masuri kung paano tinitingnan at binibigyang-kahulugan ng mga kalahok ang mga kaganapan, sitwasyon, o konsepto. Ang pamamaraang ito ay nag-ugat sa pilosopiya ni Edmund Husserl, na nagbigay-diin sa kahalagahan ng *"bracketing"* o ang pansamantalang pagtatabi ng mga personal na paniniwala upang tumutok sa purong karanasan ng mga kalahok. Nilalayon ng pananaliksik na ito na sagutin ang mga tanong mula sa pansariling pananaw ng mga indibidwal.

**Kaligiran**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga pampublikong paaralan sa lalawigan ng Cebu. Napili ng mananaliksik ang Liloan National High School Extension Don Bosco na matatagpuan sa munisipalidad ng Cotcot, Liloan, Cebu. Dumanjug National High School, nagmula naman sa munisipalidad ng Dumanjug, Cebu at Carmen National High School-Day, mula sa munisipalidad ng Cogon West, Carmen, Cebu bilang mga paaralang kinatawan sa kauna-unahang pagpapatupad ng Bagong Kurikulum para sa taong panuruan 2023–2024 at 2024–2025.

**Tagatugon**

Ang kalahok sa pag-aaral ay mga tagapagturo sa Liloan National High School Extension Don Bosco sa munisipalidad ng Liloan, Dumanjug National High School sa munisipalidad ng Dumanjug at Carmen National High School-Day sa munisipalidad ng Carmen. May kabuuang siyam (9) na mga kalahok sa pananaliksik na ito. Ang mga naging basehan bilang respondente ang mga sumusunod, (a) mga guro na nasa ikapitong baitang, (b) nagtuturo ng asignaturang Filipino sa nasabing mga paaralan, (c) nasa mabuting kalagayang pisikal habang nagsisimula ang pangangalap ng datos, (d) at bulontaryong sumali sa pananaliksik. Ang mga kalahok ay may karapatang magwithdraw sa kanilang pagsali sa pananaliksik. Ang sumusunod na kalahok ang napili sapagkat sila ay isa sa mga makikinabang sa pag-aaral na ito. Isinasaalang alang na mahalaga na malaman o magkaroon ng kaalaman ang mga kalahok tungkol sa pag-aaral na ito upang sa gayun ay magkaroon sila ng kamalayan tungkol sa pagsisimula ng bagong kurikulum sa batayang edukasyon. Samantalang hindi kabilang ang kalahok na galing sa ibang paaralan mga gurong nagtuturo sa ika-walong baitang, ika-siyam na baitang, ika-sampung baitang at senior high pati ang mga tagapagturo na hindi nagmula sa mga pampublikong paaralan, hindi nagtuturo ng asignaturang Filipino, wala sa maayos na kondisyon at napilitan sa paglahok.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng pakikipanayam (interbyu). Naghanda ang mananaliksik ng mga gabay na tanong na sinagutan ng mga kalahok upang matiyak ang makabuluhan, tumpak, at maaasahang resulta. Gumamit ang mananaliksik ng nakabalangkas na pahayag upang masiguro ang pagkakapare-pareho ng impormasyon. Nagtalaga ng humigit-kumulang 30 minuto para sa bawat panayam.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ng mananaliksik ang Thematic Analysis ni Yin. Matapos makalap ang mga sagot, isinagawa ang malalim na pagsusuri upang maunawaan at bigyang-kahulugan ang mga natipong karanasan ng mga kalahok.

**Pangangalap ng Datos**

*Pre-Data Gathering.* Ginamit sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na hakbang: Bago sinimulan ang pananaliksik, gumawa ang mananaliksik ng liham na humiling ng pahintulot mula sa mga awtorisadong tao para sa pangangalap ng datos. Kasunod nito, isinumite ang liham sa UV REC upang humingi ng pormal na pag-apruba. Naghanap din ang mananaliksik ng isang lugar na angkop para sa pananaliksik at pumili ng mga respondente mula sa nasabing lugar alinsunod sa itinakdang pamantayan.

*Actual Data Gathering.* Pagkatapos ng unang hakbang, sinimulan ng mananaliksik ang aktwal na pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga respondente. Magalang siyang bumati at binasa ang liham na may lagda ng awtorisadong opisyal bilang pormal na pahintulot. Binigyan ng karapatan ang mga respondente na pumili ng mga tanong na nais nilang sagutin, gayundin ang pahintulot ukol sa pagrekord ng panayam.

Sa isinagawang panayam, umabot ng tatlumpu't tatlong (33) minuto ang pinakamatagal at labing pitong (17) minuto ang pinakamaikli. Ipinabatid din sa mga kalahok ang kanilang karapatang tumanggi o magreklamo kung may mga tanong na hindi kanais-nais. Matapos ang panayam, nagpasalamat ang mananaliksik sa bawat respondente. Wala ring ibinigay na anumang kapalit o pabuya para sa kanilang paglahok.

*Post Data Gathering.* Pagkatapos ng pangangalap ng datos, sinigurado ng mananaliksik na maitago nang maayos ang lahat ng sensitibo at personal na impormasyon mula sa mga respondente. Tanging ang mananaliksik lamang ang may access sa mga ito. Anumang sagot na nakalap ay iginalang at nanatiling kompidensyal. Ginamit ang mga datos para sa layuning akademiko at upang mapatibay ang resulta ng pananaliksik.

Ang mga transcript o sagot mula sa panayam ay inilagay sa isang ligtas na kabinet at itatago sa loob ng isang taon. Pagkalipas ng isang taon, ang mga dokumento ay planong sirain sa pamamagitan ng pagsusunog o paggupit upang mapanatili ang kompidensyalidad.

**Pagsusuri ng Datos**

Sa pagbibigay ng kahulugan ng mananaliksik sa nakalap na datos, ginamit niya ang Thematic Analysis ni Yin. Ang limang-hakbang na diskarte ni Yin (2011) sa pagsusuri ng datos ay isinagawa upang maanalisa ang mga impormasyon at mabigyang-linaw ang karanasan ng mga kalahok. Kasama sa proseso ni Yin (2011) ang sumusunod na 5- hakbang: (1) mag-compile ng datos; (2) mag disassembling ng datos; (3) muling pagsasama-sama ng datos; (4) magbibigay-kahulugan sa mga nakalap na datos; at (5) maglahad ng pagtatapos sa datos. Sa unang hakbang, pinagsama-sama ng mananaliksik ang mga datos upang makabuo ng mga pagpapangkat. Para sa ikalawang hakbang, isinagawa ang paghihiwalay o paghimay ng datos upang mabawasan at matukoy ang mga *invariant* na tema ng phenomenon. Sa ikatlong hakbang, muling binuo ang datos at inilapat sa mga core theme na nabuo sa pagsusuri. Sa ikaapat na hakbang, sinuri ang mga *pattern* mula sa *transcrip*t ng panayam upang maipaliwanag ang kabuluhan ng datos.

Sa ikalimang hakbang o pangwakas, isinagawa ang pagbubuod ng datos sa pamamagitan ng paglalarawan ng istruktura ng mga karanasan ng bawat kalahok.

**Etikong Konsiderasyon**

Ang pag-aaral ay isinasagawa alinsunod sa mga alituntunin na nakabalangkas sa institusyon ng pananaliksik at ang pag-apruba ay nakuha mula sa Komite ng Pananaliksik at Etika ng University of Visayas, na may sanggunian No. 2024-488 noong ika-02 ng Disyembre 2024. Ang pag-aaral ay kasangkot ng mga respondenteng na nasa tamang edad na kusang-loob na lumahok sa pakikipanayam. Bago makumpleto ang mga talatanungan, ang mga kalahok ay nakatanggap ng isang form na may kaalamang pahintulot na nagdedetalye sa layunin, pamamaraan, panganib at benepisyo ng pag -aaral, mga hakbang sa pagiging kompidensiyal, kusang lumahok at naglahad ng impormasyon sa pakikipag-ugnay. Walang mga insentibo sa pananalapi na inaalok para sa pakikilahok. Ang mananaliksik ay nagpahayag ng walang mga salungatan na interes.

**RESULTA AT TALAKAYAN**

Sa mga datos na nakalap mula sa isinagawang pakikipanayam sa mga tagapagturo at punong guro mula sa iba't ibang pampublikong paaralan gaya ng Liloan National High School Extension Don Bosco, Dumanjug National High School, at Carmen National High School-Day, lumitaw ang samu't saring karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-pitong baitang, pati na rin ang mga hamong kinaharap sa implementasyon ng Bagong Kurikulum.

Sa ibaba ay makikita ang propayl ng mga respondente na boluntaryong lumahok sa pangangalap ng datos, gayundin ang kanilang naging karanasan sa pagsisimula ng Bagong Kurikulum.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

Batay sa ipinakitang propayl, ang mga kalahok ay binubuo ng mga punong guro mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ng Cebu Province, kasunod ang mga gurong nagtuturo sa ika-pitong baitang ng asignaturang Filipino. Ang pagkakahahanay ng mga kalahok ay ibinatay sa kanilang posisyon at karanasan sa pagtuturo, at hindi lamang sa edad, kasarian, o paaralang kinabibilangan.

Talahanayan 1: Profayl Ng Mga Kalahok

| Pseudoynms | Kasarian | Edad | Karanasan sa Pagtuturo | Posisyon sa Pagtuturo |
|---|---|---|---|---|
| Jennifer | Babae | 65 | 31 | Principal I |
| Ricardo | Lalaki | 51 | 26 | Principal I |
| Rey | Lalaki | 48 | 8 | Teacher in -charge |
| Ruth | Babae | 53 | 30 | Filipino Teacher- III |
| Mary Anne | Babae | 42 | 17 | Filipino Teacher- III |
| Rexelle | Babae | 32 | 8 | Filipino Teacher- TI |
| Esperanza | Babae | 43 | 2 | Filipino Teacher- TI |
| Mae Ann | Babae | 26 | 2 | Filipino Teacher- TI |
| Licve | Babae | 36 | 1 | Filipino Teacher- TI |

Ang mga nakalap na datos ay nakabatay sa mga karanasan ng mga punong guro at mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa pampublikong paaralan sa ika-pitong baitang. Sa pamamagitan ng isinagawang pakikipanayam sa mga respondente, natuklasan ang mga balakid, kasalukuyang pamamaraan, at mga posibleng solusyon sa pagpapatupad ng panibagong kurikulum.

Dagdag pa rito, napag-alamang may umiiral na mga isyu sa implementasyon ng Bagong Kurikulum, na tinalakay sa mga sumusunod na bahagi.

***Tema 1*: Kurikulum**

Sa taunang pagbubukas ng pasukan, hindi maiiwasan ang mga posibleng pagbabago sa larangan ng pagtuturo. Isa itong bahagi ng sistema na kailangan mabigyan ng pansin bagkus hindi madali ang pagpapalit ng bagay na nakasanayan. Mula sa mga punong guro at gurong nagtuturo ng bagong kurrikulum, maihahambing ang malaking pagkakaiba ng noon at ngayon. Batay sa pananaw ng tagatugon, hindi maikakaila na may kailangan pang ayusin o baguhin sa bagong kurikulum. Mula sa pag-aaral ni Chhatria, et.al (2024), Ang kurikulum ay may layunin at direktang sumusuporta sa nais na maging resulta ng pang-edukasyon at sa pagkatuto. Ito ay nagtatatag ng isang malinaw na koneksyon sa pagitan ng kung ano ang inaasahang matutunan ng mga mag -aaral at paano nakabalangkas ang mga ito. Ang isang mahusay na kurikulum ay dapat makapagbigay-daan sa pagkakaiba-iba ng mga indibidwal, kung saan ang mga mag-aaral ay may pagkakataong umunlad batay sa kanilang sariling kakayahan at interes. Bagaman may ipinapatupad nang bagong kurikulum, kinakailangang ito ay pag-aralan nang mabuti at magkaroon ng malinaw na plano sa pagtuturo upang maging epektibo ang implementasyon nito.

> Basi sa pananaw ni Mae Ann, *"Ang antas ng kahandaan sa pagpapatupad ng Bagong Kurikulum ayon sa sumusunod ay: Nilalaman, kinakailangn ng mga guro naintindihan o pag-aralan ng mabuti ang bagong kurikulum upang ito ay lubos na maihatid sa mga mag-aaral mas madali at malinaw. Nangangailan din ang mga guro ng karagdagang pagsasanay o seminar".*
>
> Ayon naman kay Ruth, *"Tiyakin na ang lahat ng paksa ay may kaugnayan at napapanahon. Magtakda ng malinaw na layunin, gumamit ng mabisang estratehiya, at regular na suriin ang proseso".*

***Subtheme 1.1:* Pamamahala**

Ang kurikulum ay nagsisilbing tulay tungo sa karunungan ng isang indibidwal. Sa pamamagitan ng kurikulum, mas napapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral. Masusing pag-unawa at kasanayan ang kinakailangan upang makapaghatid ng makabuluhang impormasyon. Ayon kina Pak, et al. (2020), ang kurikulum ay karaniwang naikonseptuwalisa sa tatlong natatanging paraan, sapagkat mas malapit ito sa silid-aralan.

Ang inilaang kurikulum ay tumutukoy sa malawakang sistema ng kurikulum, tulad ng mga pamantayang pang-akademiko. Ang ipinatupad na kurikulum ay tumutukoy sa kung paano isinasagawa ng mga guro ang nilalaman at

kung paano ito isinasabuhay sa silid-aralan. Samantala, ang nakamit na kurikulum ay tumutukoy sa pag-unawa ng mga mag-aaral mula sa mga aklat at karagdagang materyales na ginamit sa pagtuturo.

> Ayon kay Rey, "*Nagkaroon ng biglaang desisyon na maging bahagi kami sa unang pagpapatupad ng kurikulum, kasabay ng mga gurong isasanay, pagbabago ng schedule at paghingi ng suporta sa mga magulang upang maisakatuparan ang pagbabago ng kurikulum. Kinakailangan namin magtulungan sa pagbibigay ng ibat ibang suhestiyon upang magkaroon ng epektibong estratehiya sa pagtuturo".*

> Ayon din kay Ricardo, *"Bilang pilot implementor mataas ang bahagdan kapag kahandaan sa pagpapatupad ang pag-uusapan pagkat ang mga guro na nabigyan ng sapat na training. Narining ang kanilang mga hinaing at pangangailangan kung kaya naging magaan ang pagbabagong hatid ng kurikulum".*

***Subtheme 1.2:*** **Pagkatuto at Pag-unlad**

Ang pagbuo ng bagong kurikulum ay isang dinamiko at maalalahanin na proseso na nagsasangkot ng ilang mahahalagang hakbang upang matiyak na natutugunan nito ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at umaayon sa mga layuning pang-edukasyon. Ayon naman kay Digal, et.al (2024), Ang kahalagahan ng pagbuo ng kurikulum sa edukasyon ay hindi maaaring palakihin. Tinitiyak ng isang mahusay na disenyong kurikulum na ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng balanse at may-katuturang edukasyon, na nagbibigay sa kanila ng kaalaman, kasanayan, at kakayahan na kailangan upang umunlad sa isang pabago-bagong mundo. Bukod dito, pinalalakas nito ang kritikal na pag-iisip, pagkamalikhain, at malalim na pag-unawa sa iba't ibang paksa, na nag-aalaga ng mga indibidwal na maaaring mag-ambag nang makabuluhan sa lipunan.

> Dagdag ni Mary Ann*, "Ang napansin ko sa nilalaman ng matatag kurikulum ay mas pinaikli at mas pinarami ang kasanayan na naaayon sa mga mag-aaral".*

> At kay Ruth naman*, "Hindi pa masyadong maunlad marahil bago pa sa pagtuturo ng kurikulum. Kailangang pag-aralan ng maaigi ang nilalaman nito. Naglalaman ng malawak napag unawa, akitibidad na hindi magagawa sa limitado lang na oras. Dagdag nito, may mga gawain na hindi madaling maintindihan ng mga mag-aaral".*

***Tema 2:*** **Pamaraan sa Pagtuturo**

Ang estratehiya at mga kagamitan sa pagtuturo ay kabilang sa mga mahahalagang salik upang makapaghatid ng makabagong kaalaman sa mga mag-aaral. Nakakatulong ang mga ito upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral at mapalawak ang kanilang pag-iisip hinggil sa mga umiiral na kaganapan sa loob at labas ng silid-aralan. Saksi ang mga guro sa epekto ng paggamit ng mga bagong estratehiya at kagamitan sa pagtuturo.

Ayon sa pag-aaral ni Yousafzai (2024), ang mga makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay binubuo ng malawak na hanay ng mga modernong pedagogical approach na naglalayong mapahusay ang karanasan sa pagkatuto at ang resulta ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Kabilang sa mga estratehiyang ito ang paggamit ng teknolohiya, pagkatuto na nakasentro sa mag-aaral, interdisiplinaryong pagtuturo, at mga pamamaraan ng malikhaing pag-iisip.

Hindi maikakaila na sa pagbabago ng kurikulum ay kaakibat din ang pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo upang higit na mapalawak ang kaalaman at karanasan ng mga mag-aaral.

> Basi din kay Esperanza, *"Kailangan ang pagpapalakas ng kapasidad ng mga guro. Isaalang-alang ang pagpapabuti ng mga materyales at kagamitan, dapat ipapalakas ang pakikipag-ugnayan sa mga magulang at magkaroon ng pagtatasa at pagsusuri.*

> Ayon kay Rexelle*, "Maging handa sa lahat ng hamon at maging pamilyar sa nilalaman ng kurikulum at pag aaralan ito ng mabuti.*

***Subtheme 2.1:*** **Pagtataya sa Pagkatuto**

Ang mga pagtataya sa pagkatuto ay may mahalagang papel sa epektibong pagpapatupad ng bagong kurikulum. Tinutulungan nito ang mga tagapagturo at tagagawa ng patakaran na maunawaan kung gaano kahusay nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga nilalayong layunin sa pagkatuto, at natutukoy ang mga bahaging nangangailangan ng pagpapabuti.

Kabilang dito ang pagbibigay ng feedback para sa disenyo ng kurikulum, na maaaring gamitin upang pinuhin at ayusin ito upang mas epektibong matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Kasama rin ang pagsubaybay sa pag-unlad upang matiyak na ang mga layunin ng kurikulum ay natatamo at na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng angkop na kaalaman at kasanayan. Hindi rin mawawala ang suporta para sa mga guro; sa pamamagitan ng pagtataya, naitatampok ang mga bahagi kung saan maaaring kailanganin ng mga guro ng karagdagang pagsasanay o mapagkukunan upang maihatid nang epektibo ang kurikulum.

Sa pinakahuli, mahalaga ang mga pagsasaayos na nakasentro sa mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga resulta ng pagtataya, maaaring iakma ng mga tagapagturo ang kanilang mga pamamaraan ng pagtuturo upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan sa pagkatuto at matiyak ang inklusibong edukasyon.

> Dagdag ni Licve, *"Hindi ito madali, lalo't lalo na iba ang henerasyon ng mga kabataan ngayon. Kailangan pa nating mag-isip at pag-aralang mabuti ang mga estratehiyang angkop upang mas madaling maunawaan at maintindihan ng mga mag-aaral. Malaking hamon din ang kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura na malaking tulong upang maging mahusay at epektibo ang pagtuturo".*
>
> Ayon naman kay Ruth, *"Magtakda ng malinaw na mga layunin at magkaroon ng istrukturadong plano, tiyakin ang pagkakaroon ng mga kagamitang panturo at pasilidad at lumahok sa mga aktibidad na may kinalaman sap ag-unlad ng propesyon".*

***Subtheme 2.2:*** **Kagamitan sa Pagtuturo**

Ang paraan ng pagtuturo ay nagiging mas makabuluhan kung may angkop na mga materyales na magagamit, lalo na sa umiiral na bagong kurikulum sa ilalim ng sistema ng edukasyon. Hindi sapat ang kakaunting kagamitan sapagkat nililinang nito ang kakayahan ng indibidwal sa tulong ng mga materyales sa pagtuturo.

Ayon nga kay Kapur (2022), kapag ang mga pamamaraan ng pagtuturo at mga materyales ay hindi sapat na magagamit, nagkakaroon ng suliranin ang mga tagapagturo at mag-aaral sa iba't ibang aspeto ng mga gawain at aktibidad na mahalaga sa pagkamit ng mga layunin ng edukasyon. Samakatuwid, kinakailangang maging bihasa ang isa sa mga layunin ng edukasyon at ipatupad ang mga pamamaraan ng pagtuturo at paggamit ng mga materyales sa angkop na paraan. Kailangang tiyakin ng mga tagapagturo sa mga institusyong pang-edukasyon sa lahat ng antas na ang mga pamamaraan ng pagtuturo at mga materyales ay nasa isang maayos at mahusay na estado. Kapag ang mga ito ay hindi sapat, ito ay hindi lamang nakasasama sa indibidwal kundi pati na rin sa kabuuang sistema ng edukasyon.

> Ayon kay Mae Ann, *"Humihina ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto dahil sa kakulangan ng angkop na materyales tulad ng mga aklat, modyuls na direktang naaayon sa bagong kurikulum. May kakulangan din pagdating sa internet connection, computer laboratory, science laboratory at masikip na classroom na nagiging balakid sa epektibong pagtuturo".*
>
> Basi kay Mary Ann, *"Ah sa amin pilot implementor, kumbaga, swerte kami kasi we are monitored, lahat ng aming mga sinasabi na ito ay lahat pinapakinggan. Doon ko na realized nag pilot implementation kami na maganda pala kapag nagbabago ang kurikulum. Bakit hindi ko nararamdaman before bagong kurikulum kasi hindi kami pilot implementor, ngayon first hand information kami, sila talaga ang gumagawa ng trainings namin yung Bureau Curriculum Development. With regards with the kagamitan, naririnig Talaga kami nang taga Central Office, sana yon ang ma experienced ng mga teacher sa field. So, we're very lucky kasi may Lesson Exemplar, worksheet at TV. Sana lahat ganon kasi I confidently say na alam ko kung ano yung nagbabagomula sa lumang kurikulum, alam ko ang content kasi natututo ako mula sa mga expert na siyang nagbigay sa amin ng one week training na yon.*

***Tema 3:*** **Katangian sa Pagpapatupad ng Binagong Kurikulum**

Sa pagtuturo, hindi masama ang humingi ng payo sa kapwa guro, lalo na kapag bago ang kurikulum na kinahaharap. Ito ay nakapagpapalawak ng isipan at nakadaragdag ng mga impormasyong magagamit sa hinaharap. Narito ang ilan sa mga pahayag na nagpapakita na ang pagtuturo ay isang pagtutulungan ng bawat guro at punong guro sa loob ng isang paaralan.

Ayon din sa pag-aaral nina Singh, et al. (2024), ang kolaborasyon ay isang proseso ng pagtuturo na kinabibilangan ng dalawa o higit pang mga tagapagturo na sama-samang nagpaplano, nag-aayos, nagtuturo, at nagsasagawa ng pagtatasa sa isang pangkat ng mga mag-aaral. Layunin nito na matugunan ang magkakaibang pangangailangan sa

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE (IMJRISE)
Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
PUBLISHED BY: RISEJOURNALS.ORG
Volume 2, Issue no. 7 

pagkatuto ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan, magbahagi ng mga pananaw at kadalubhasaan sa paksa, at pagsamahin ang naaangkop na mga estilo ng pagtuturo.

Dagdag pa rito, ang pagbabahagi ng responsibilidad ay nakababawas sa pasanin ng isang indibidwal at nagpapataas ng kakayahan ng bawat guro upang masaklaw ang kurikulum at matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Ayon naman kay Ricardo, *"Maging bukas sa bagong kaalaman. Bukas na tumanggap ng pagbabago at bukas na making sa mas may karanasan upang maging madali at magaan ang lahat".*

Ayon din kay Jennifer, *"Kailangan po I assess ng mga teacher ang kurikulum, kung ano pa ang dapat gawin at baguhin pa. Magbigay din ng rekomendasyon kung may nakitang need na I revised. Need din na magturo ng mabuti ang isang guro para makapaghatid ng malawak na kaalaman."*

***Subtheme 3.1:* Pagtanggap sa Pagbabago**

Ang kurikulum ay bahagi ng pagbabago sa sistema ng edukasyon. Ito ay nagbibigay-buhay sa bawat paksang itatalakay at naglalaman ng samu't saring kaalaman. Mula sa karanasan, narito ang ilang mungkahing makatutulong sa pagpapaunlad ng bagong kurikulum.

Mula sa pag-aaral ni Loza (2024), ang patuloy na pagsasanay ng mga guro para sa personal at propesyonal na pag-unlad ay dapat ipagkaloob, sapagkat ito ay makatutulong sa pagbabago ng mga kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto. Upang maisakatuparan din ang pagbabago ng kurikulum, ang mga guro ay hindi lamang dapat umaangkop sa pagbabago kundi pati na rin sa kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo.

Malaki ang papel na ginagampanan ng punong-guro sa pagpapatupad ng makabagong kurikulum—hindi lamang upang mangasiwa kundi upang pagbutihin rin ang programa ng kurikulum.

Sabi ni Rey, *"Bigyang pagkatataon na makilala at subukan ang pagababagong hatid ng isang matatag kurikulum. Huwag ibalewala ang maaaring matutunan sa pakikilahok ng mga pagsasanay kaakibat ang bagong kurikulum".*

At pati kay Ricardo, *"Masusing training ng ating mga guro".*

Dagdag ni Mae Ann, *"Magbigay ng patuloy na suporta at mentoring para sa mga guro sa pamamagitan ng LAC (learning action cell). Maglunsad ng masinsinang pagsasanay at capability building seminars bago ang implementasyon".*

***Subtheme 3.2:* Mga Hamon**

Bago man ang kurikulum sa hinaharap, hindi ito hadlang upang maging malikhain at aktibo sa pagtuturo ng kaalaman at paghubog ng kakayahan ng mga mag-aaral sa iba't ibang aspeto. Mas nakakapanabik ang bawat pagbabagong mararanasan ng bawat isa pagdating sa sistema ng edukasyon. Ayon kay Loza (2024), upang maiwasan ang mga isyu kaugnay sa bagong kurikulum, mahalaga ang pakikipagtulungan sa mga eksperto sa kurikulum o sa mga tinatawag na master teacher. Ang mga pagbabago sa kurikulum ay dapat isinasagawa ng mga tunay na nagnanais ng pagbabago sa sistema ng edukasyon.

Ayon kay Rey*, "Sumubok tayo ng panibagong estratehiya sa pagtuturo at hikayatin ang kapwa guro na makilahok sa pagsasanay gaya ng collaborative session. Tanggapin ng buo ang pagbabago sa sistema ng edukasyon".*

Pati kay Espreranza, "*Sa kapwa guro na haharap pa lamang dapat maging aktibong tagapag-aral, magbasa at mag- aral, makipag ugnayan sa iyang kapwa guro, dumalo sa pagsasanay."*

Kay Rexelle*, "Kailangan maghanda ng mga ibat ibang halimbawa o estratehiya sa pagtuturo at huwag ilahad agad ang mga gabay na hindi naipapaliwanag ng mabuti sa mga mag-aaral.*

Dagdag ni Mary Ann, *"As a teacher, kung hindi nakita ang isinasaad sa LE ang mga gawa*

Ang pagkakaroon ng bagong kurikulum sa mga tagapagturo ay nakatutulong upang lumawak ang kaalaman at mahasa ang mga kakayahang taglay ng isang indibidwal. Ayon sa pag-aaral ni Ganal, et al. (2019), ang pagtatasa ng mga pangangailangan ay tumutulong sa isang samahan upang matukoy ang mga kakulangan na pumipigil dito na maabot ang mga inaasahang layunin.

Ang mga kakulangang ito ay maaaring umiiral sa anyo ng kakulangan sa kaalaman at kasanayan. Ang pagtukoy kung ano ang kailangang mabago ay mahalaga sa epektibong pag-unlad tungo sa mga layunin upang magtagumpay ang isang samahan. Bukod dito, nakatutulong din ang pagtatasa ng mga pangangailangan sa pagtukoy kung kinakailangan ng pagsasanay, tinitiyak na ang pagsasanay ay akma sa mga pangangailangan ng organisasyon, kinikilala ang nilalaman at saklaw ng pagsasanay, sinisiguro ang suporta ng kalahok, at natutukoy ang inaasahang resulta.

**Concept Note**

**Pagpapatupad ng Collaborative Session sa mga Gurong nasa Ika-pitong Baitang ng Carmen National High School-Day**

Sa makabagong sistema ng edukasyon na dulot ng teknolohiya, ekonomiya, at kultura ng ika-21 siglo, ay nagkakaroon ng mabilisang pagbabago sa nilalaman ng kurikulum. Ang ganitong pagbabago ay kinakailangang nakatuon sa nilalaman ng aralin, sa paghahasa ng kakayahan ng mga mag-aaral, at sa pagpapaunlad ng mga estratehiyang gagamitin ng mga tagapagturo. Ayon sa pag-aaral ni Cabigao (2021), likas sa mga guro ang pagiging malikhain at ang palagiang paggana ng imahinasyon, sapagkat ito ay isang mahalagang salik upang makuha ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral.

Ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ay may tatlong pangunahing benepisyo: Una, para sa mga mag-aaral, sapagkat sila ay nagkakaroon ng mas mataas na motibasyon na mag-aral dahil sa ipinakikitang kagalingan at kahusayan ng mga guro. Ikalawa, para sa paaralan, dahil nahihikayat ang iba pang mag-aaral sa mga positibong epekto ng mahusay na pagtuturo. Ikatlo, para sa guro, na naibibigay ang kailangang matutuhan ng mga mag-aaral, nagagabayan nang maayos, at higit sa lahat, isinasapuso ang serbisyo sa pagtuturo. Ang pagiging masaya sa serbisyo bilang guro, at ang pagkakaroon ng positibong karanasan sa klase, ay nagbubunga ng higit na kahusayan sa pagtuturo.

## I. Rasyonale

Sa pagpasok ng makabagong panahon, nahaharap ang mga mag-aaral at tagapagturo sa hamon ng pabago-bagong kurikulum, kabilang na ang mga bagong nilalaman, estratehiya sa pagtuturo, pasilidad, karagdagang pagsasanay, at mga kinakailangang paghahanda. Isang matinding pagsubok ang kinakaharap ng mga guro sa pagpapatupad ng bagong kurikulum; gayunman, mas mapapadali ang proseso kung ang mga tagapagturo ay magbabahaginan ng iba't ibang ideya at pamamaraan sa pagtuturo ng aralin. Sa ganitong paraan, mas lalawak ang kanilang kaalaman at mahahasa ang pagiging malikhain sa pagpili ng mga angkop na estratehiya. Sa pamamagitan ng mga sesyon na isasagawa kasama ang mga gurong nagtuturo ng iba't ibang asignatura at ang punong guro, inaasahang makapagdadala ito ng makabuluhang pagbabago sa sistema ng edukasyon.

Ang proyektong ito ay tumutukoy sa pagbuo ng panibagong estratehiya sa pagtuturo ng mga guro sa ika-pitong baitang sa Carmen National High School–Day. Layunin nito na masolusyunan ang mga umiiral na suliranin sa pagbabahagi ng aralin, mapabilis at mapahusay ang pagtuturo, at mapalaganap ang pagtutulungan sa pagbuo ng mga makabagong aktibidad. Mas nahahasa ang kakayahan ng mag-aaral sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na sinusuportahan ng malikhain at masigasig na tagapagturo. Bagamat walang iisang tiyak na estratehiya ang maaaring gamitin sa lahat ng sitwasyon, lahat ng paraan ay maaaring makatulong sa paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral. Sa paglipas ng panahon, maraming aspeto sa edukasyon ang dapat suriin, baguhin, at subukan para sa ikabubuti at ikauunlad ng bawat indibidwal.

Layunin ng konseptong papel na ito na matulungan ang bawat tagapagturo na makapaghatid ng dekalidad na edukasyon, mapagaan ang mga gawain sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng mga estratehiya, at mahasa ang pagiging masinop sa oras at malikhaing kakayahan ng mga guro.

## II. Isyu

Ang kurikulum ang naging kaagapay ng mga tagapagturo sa paglalahad ng aralin, sapagkat ito ay sumasalamin sa mga kaalamang dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Sa pagbabago ng kurikulum, malalaking hakbang ang isinagawa ng mga indibidwal sa loob ng sistemang pang-edukasyon; masusing pinag-aralan ang bawat nilalaman upang makapaghatid ng dekalidad na karunungan. Sa mga nakaraang taon, unti-unting namamalas ang kahalagahan ng mga kagamitang panturo.

Upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makararanas ng makabuluhan at epektibong proseso ng pagkatuto, gumagamit ang mga tagapagturo ng iba't ibang kagamitan sa pagtuturo. Mahalaga rin ito para sa kapakanan ng mga mag-aaral upang magkaroon sila ng mas malawak at makabuluhang pagkatuto. Dahil dito, kinakailangang alamin at pag-aralan ang mga estratehiyang gagamitin sa pagtuturo, lalo na sa harap ng pagbabago sa nilalaman ng kurikulum, kasabay ng patuloy na paghahasa sa kakayahan ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang pagsasagawa ng

mga sesyon para sa mga tagapagturo upang higit pang malinang ang kanilang kakayahan at talino sa pagtuturo. Mas nagiging magaan at epektibo ang proseso ng edukasyon kung may pagtutulungan sa hanay ng mga guro upang maihatid ang dekalidad na edukasyon.

Isa sa mga kinahaharap na hamon ng mga guro ay ang paglalahad ng araling bago sa kanila; kaya't nararapat lamang na paghandaan at pag-aralan itong mabuti. Panghuli, kinakailangan ang kahandaan ng institusyon, kagawaran, mga punong guro, tagapagturo, at iba pang sektor na may kinalaman sa edukasyon. Kasabay nito ang kakulangan sa mga pagsasanay na makatutulong sa higit pang pagpapahusay ng kakayahan ng mga guro. Ilan lamang ito sa mga suliraning maaaring maranasan sa pagpapatupad ng panibagong kurikulum sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon.

## III. Estratehiya/ Interbensyon

| **Layunin** | **Gawaing Aktibidad** | **Taong sangkot** | **Panahong Ilalaan** | **Mga Kagamitan** | **Inaasahang Resulta** |
|---|---|---|---|---|---|
| Matukoy ang mga paksang may malawak na nilalaman. | Magkaroon ng Collaborative Session sa pagsasanay ng kurikulum. | Guro na nagtuturo ng Matatag Kurikulum sa ika pitong baitang | Hulyo 2025 hanggang Abril 2025 | Lesson exemplar, aklat, modyuls, kompyuter | Makapagsasagawa ng mahusay na talakayan sa ibat ibang paksang nilalaman ng kurikulum. |
| Matukoy ang mag estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng kurikulum | Magkaroon ng LAC Session sa pagsasanay ng kurikulum. | Guro na nagtuturo ng Matatag Kurikulum sa ika pitong baitang | Hulyo 2025 hanggang Abril 2025 | Lesson exemplar, aklat, modyuls, kompyuter | Magagamit ang kaalamang natutunan mula sa isinagawang LAC Session patungkol sa estratehiya. |

***Pre-Implementation***

Magsaliksik at pag-aralan nang maigi ang nilalaman ng Bagong Kurikulum at ang wastong pagsasaayos ng mga aralin mula sa madali patungo sa mahirap. Magsagawa rin ng pananaliksik hinggil sa mga posibleng makabagong estratehiyang maaaring gamitin ng mga tagapagturo sa pagpapatupad ng nasabing kurikulum, gayundin ang mga pamamaraan sa higit pang paghahasa ng kakayahan ng mga mag-aaral.

Aalamin din ang mga teknolohiyang angkop at bantog sa bagong henerasyon upang magamit bilang suporta sa pagtuturo, pati na rin ang pagpapalawak ng kaalaman ukol sa mga tekstong ituturo. Pag-aaralan ang iba't ibang teorya, mananaliksik, at mga pananaliksik na may kaugnayan sa pagpapaunlad ng kurikulum.

Dagdag pa rito, isasagawa ang pagtatala ng mga sesyon na maaaring gamitin ng mga tagapagturo sa pagbabahagi ng kanilang kaalaman, at pagtukoy sa mga pagsasanay na maaaring daluhan ng mga guro upang higit pang mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan.

***Actual Implementation***

Mgsasagawa ng panayam sa mga gurong nagtuturo sa ika-pitong baitang hinggil sa kanilang karanasan sa pagpapatupad ng panibagong kurikulum, kabilang ang mga aspekto tulad ng nilalaman ng kurikulum, mga estratehiyang ginamit sa pagtuturo, pag-unawa sa teksto, paggamit ng teknolohiya at mga pasilidad, paraan ng pagbabahagi ng aralin, at ang kahandaan ng bawat indibidwal sa implementasyon ng bagong kurikulum. Ang mga katanungang gagamitin sa pakikipanayam ay mula sa mga ekspertong kasapi ng Kagawaran ng Edukasyon at magsisilbing gabay upang matukoy ang mga karanasan ng mga tagapagturo.

***Post- Implementation***

Ang mga datos na makakalap ay susuriin at bibigyang-aksyon ayon sa mga natuklasan ng pag-aaral. Isasagawa rin ang isang sesyon kasama ang mga gurong nagtuturo sa ika-pitong baitang, mga coordinator, department head, at school principal upang magkaroon ng mas malawakang talakayan tungkol sa nilalaman ng kurikulum, mga estratehiyang maaaring gamitin, mga sesyong maaaring idaos ng mga guro, at ang mga kahandaang kailangang

isagawa para sa patuloy na pagpapatupad ng bagong kurikulum tungo sa paghahatid ng dekalidad na edukasyon sa bawat mag-aaral.

**EPILOGO**

Sa pagninilay sa mga karanasan ng mga guro sa pagpapatupad ng bagong kurikulum, ang pananaliksik na ito ay nagbigay-linaw sa parehong mga hamon at tagumpay na naranasan sa yugtong ito ng pagbabago sa sistemang pang-edukasyon. Ang paglipat sa isang binagong balangkas ng edukasyon ay hindi simpleng gawain; nangangailangan ito ng mataas na antas ng kakayahang umangkop mula sa mga tagapagturo, gayundin ng malalim na paninindigan sa pagtugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at sa pag-abot ng layunin sa pagkatuto.

Ipinakita ng mga natuklasan na ang mga guro ay humarap sa sari-saring emosyon, mula sa pagkabahala sa simula ng pagpapatupad hanggang sa unti-unting pag-angkop sa bagong nilalaman at mga metodolohiya sa pagtuturo. Ang mga pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad na isinagawa sa panahong ito ay may malaking papel sa paghubog sa kanilang karanasan. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng sapat na pagsasanay at tuluy-tuloy na suporta. Nagpahayag ang mga guro ng pagnanais na magkaroon ng mga espasyo para sa kolaborasyon kung saan maaari silang magbahaginan ng kaalaman, estratehiya, at kagamitang pampagtuturo. Binibigyang-diin nito ang pangangailangan para sa mga pamayanang pang-propesyonal na magsusulong sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng kanilang kakayahan.

Gayunpaman, nananatili ang mga hadlang sa pagpapatupad ng bagong kurikulum. Maraming tagapagturo ang nag-ulat ng mga suliraning may kaugnayan sa hindi pagkakatugma ng mga nilalaman, kakulangan sa mga materyales, at magkakaibang antas ng kahandaan ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng mga hamong ito ang kahalagahan ng sistematikong suporta at ang pangangailangang mapahusay ang komunikasyon sa pagitan ng pamunuan ng paaralan, mga tagapagdisenyo ng kurikulum, at mga guro mismo.

Mahalagang tandaan na ang proseso ng pagpapatupad ng bagong kurikulum ay isang patuloy na paglalakbay. Kailangan ng mga susunod na pananaliksik na suriin ang pangmatagalang epekto ng mga pagbabagong ito sa bisa ng pagtuturo at sa resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na habang ang kurikulum ay patuloy na iniaangkop sa mga bagong hamon at panlipunang pagbabago. Bukod dito, ang pagtuklas sa pananaw ng mga mag-aaral at magulang ukol sa bagong kurikulum ay makatutulong upang magkaroon ng mas holistikong pag-unawa sa epekto ng mga repormang ito.

Sa pagtatapos, ang transisyon patungo sa bagong kurikulum ay nagsisilbing oportunidad para sa paglago at inobasyon sa edukasyon. Sa pamamagitan ng pagbibigay-suporta sa mga guro sa prosesong ito, pagtitiyak ng kolaborasyon, at pagiging bukas sa puna, masisiguro natin ang isang sistemang pang-edukasyong patuloy na umuunlad tungo sa kapakinabangan ng lahat—mga tagapagturo man o mag-aaral. Sa ating pag-usad, kailangang manatili ang bukas na diyalogo ukol sa mga karanasan at pangangailangan ng mga guro upang mapanatili silang pangunahing kasangkot sa pagpapaunlad ng kurikulum.

**Pagninilay-nilay**

Sa bagong henerasyon ay kaakibat ang pagharap sa mga pagbabagong mararanasan, kabilang ang mga pagbabago sa nilalaman ng kurikulum, mga posibleng estratehiyang gagamitin sa pagtuturo, mga pamamaraan sa paglalahad ng aralin, at ang pagiging handa sa mga salik na maaaring makaapekto sa daloy ng pagkatuto ng isang indibidwal. Mas nagiging malikhain ang pagtuturo kung may higit sa isang paraan ng paghatid ng kaalaman. Lumalalim ang kaalaman ng mga taong nasa Kagawaran ng Edukasyon, partikular na ang mga tagapagturo na nagpapatupad ng kurikulum sa mga mag-aaral. Kasama sa mga dapat pagtuunan ng pansin ang mga kagamitang pampagtuturo, malawak na kaalaman sa bagong nilalaman ng kurikulum, at ang kahandaan ng bawat isa sa pagsunod sa bagong balangkas nito. Bagaman hindi madali ang pagharap sa mga pagbabago, ito ay nakatutulong upang matuto at malinang ang pagiging malikhain sa mga gawain na makapagpapasulong sa sariling pag-unlad. Sa pamamagitan nito ay nabubuo ang matibay na ugnayan sa iba pang indibidwal at nahahasa ang tagong kakayahan at talino. Nagiging makabuluhan din ang sama-samang pagbabahagi ng mga ideya para sa ikauunlad ng sistemang pang-edukasyon, at higit sa lahat, tumataas ang kumpiyansa sa sarili kapag naibabahagi ang karanasan nang walang pangamba sa paghusga ng iba.

**Implikasyon**

Iminumungkahi ng mga natuklasan na ang pagpapatupad ng bagong kurikulum ay dapat nakatuon sa mga inaasahang resulta ng edukasyon na maaaring mapabuti ang pagkatuto ng mga mag-aaral, sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga makabagong pamantayang pang-edukasyon at pagtugon sa mga kakulangan ng dating kurikulum. Kabilang dito ang pagsasanay para sa mga guro, kung saan maaaring mangailangan sila ng mas malawak na propesyonal na pag-unlad upang epektibong makasabay sa mga bagong pamamaraan at kagamitang panturo.

Bilang karagdagan, ang mga paaralan ay nangangailangan ng sapat na mapagkukunan tulad ng mga na-update na aklat, teknolohiya, at imprastraktura upang suportahan ang pagpapatupad ng bagong kurikulum. Kaugnay nito, ang mga pagsasaayos sa mga patakaran ay maaaring isagawa upang matiyak ang pagkakapare-pareho at pagiging epektibo ng implementasyon. Panghuli, ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng sapat na oras at suporta upang makapag-adjust sa mga bagong estratehiya at inaasahan sa kanilang pagkatuto.

**Konklusyon**

Ang pagsulong ng batayang kurikulum ng edukasyon isang mahalagang hakbang tungo sa paghubog ng mga mag-aaral na handa sa hamon ng makabagong panahon. Sa pamamagitan ng mga reporma tulad ng kasalukuyang kurikulum, layunin ng sistema ng edukasyon na paunlarin hindi lamang ang kaalaman kundi pati ang mga kasanayang pampagkatuto, pagpapahalaga, at pagiging makabansa ng bawat mag-aaral.

Makikita sa mga pagbabagong ito ang pagsisikap ng pamahalaan na gawing mas inklusibo, makabuluhan, at angkop sa konteksto ng mga Pilipino ang edukasyon. Binibigyang-diin din ang paggamit ng wikang Filipino at iba pang katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo upang mas maging epektibo ang pagkatuto.

Sa kabuuan, ang patuloy na pagsulong ng batayang kurikulum ay hindi lamang usapin ng pagbabago sa nilalaman ng aralin, kundi isang panawagan para sa mas malalim na pag-unawa sa papel ng edukasyon sa paghubog ng isang progresibong lipunan.

**Rekomendasyon**

Sa pag-aaral na ito, ang pagpapatupad ng bagong kurikulum ay kinasasangkutan ng administrasyon ng Kagawaran ng Edukasyon, mga punong guro, guro, at mag-aaral. Hindi magiging epektibo ang isang kurikulum kung hindi ito susubukin at isasaayos batay sa mga natukoy na pangangailangan. Mananatili itong limitado kung hindi matutugunan ang mga kahinaan o kakulangan nito; kaya kinakailangan ang kooperasyon at pagtutulungan ng bawat institusyon tungo sa matagumpay na implementasyon. Batay sa karanasan ng mga guro, masasabing hindi naging madali ang kanilang paglalakbay, sapagkat may mga pagkakataong wala silang magagawa kundi tanggapin ang mga pagbabagong dulot ng sistema. Kaakibat ng mga hamong ito ay ang mga katanungang bumabagabag sa isipan, subalit napatunayang may solusyon sa bawat suliranin basta't may pagkakaisa at bukas na kaisipan sa pagbabago. Anuman ang laki o liit ng karanasan ng isang indibidwal, magiging matagumpay ito kung ang lahat ay magbabahagi at magpapalalim ng kani-kanilang kakayahan.

Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na paksa ay maaaring magsilbing batayan para sa mga susunod na pag-aaral na may kaugnayan sa bagong kurikulum: (1) "Hamon sa Pagpapatupad ng Binagong Kurikulum: Mga Insight mula sa mga Kasanayan sa Silid-Aralan," (2) "Pag-unawa ng mga Stakeholder sa Binagong Kurikulum: Pagtulay ng mga Gaps sa Pagitan ng Patakaran at Praktika," at (3) "Epekto ng Bagong Kurikulum sa Pagkamit at Pag-unlad ng Kasanayan: Isang Paghahambing na Pagsusuri."

**SANGGUNIAN**

Cariaga, R. F. (2023). The Philippine education today and its way forward. *Journal Of Ongoing Educational Research 1* (1) 40-42.

Fasinrol, K. S. et al. (2024). Curriculum implementation: Challenges and the prospect of education resource centres to aid effective implementation. *African Educational Research Journal 12*(1) 1-5.

Gurobat, P. N. et al. (2022). Challenges encountered in the implementation of the education program among senior high school students in The Philippines. *Indonesian Journal of Educational Research and Technology 2* (1) 65-70.

Houston, D. (2017). Engineering curriculum in higher education: Systemic challenges to building better bridges. *International Journal of Education 13*(2)91-92 https:// doi.org/.: 10.17509/ije.v13i2.25340 91

Irby, B. J. et al. (2013). Curriculum development and implementation: The Irby-Lunenburg Model. *International Journal of Education, 1*(1).

Low, M. E. et al. (2022). Significant influence and legacy of the development of educational system in the Philippines. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 1,* March Issue, eISSN: 2799-066

Masethe, M. et al. (2017). Scoping review of learning theories in the 21st century. *Proceedings of the World Congress on Engineering and Computer Science, 1.*

Mashekwa, J. (2019). Assessing the challenges of implementing the new curriculum in the teaching of English. *The International Journal of Multi-Disciplinary Research* ISSN: 3471-7102, ISBN: 978-9982-70-318-5.

Mohanasundaram, K. (2018). Curriculum design and development. *Journal of Applied and Advanced Research,* S4-S6.

Palestina, R. L. et al. (2020). Curriculum implementation facilitating and hindering factors: The Philippines context. *International Journal of Education 13*(2):91-104 DOI:10.17509/ije.v13i2.25340.

Piala, M. C. et al. (2024). Curriculum in action: Probing into facilitators and impediments in the Philippine educational setting. *International Multi-Disciplinary Journal of Education, 2* (1) ISSN: 2994-9521.

Mohammed, G. A. (2013). Curriculum: Approaches and Theories. https://www.researchgate.net/publication/315515592

Race, R. L. (2023). K To 12 education in the Philippines: Policy analysis and reform. https://www.researchgate.net/publication/374509879

Samuel, A. W. et al. (2019). Strategies of curriculum implementation in Nigeria: Rivers State experience https://www.researchgate.net/publication/343576180

San Juan, D. M. (2018*). Guro, paaralan at bayan: Makabayang pagsusuri sa kasalukuyang kurikulum ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas* (pp2-18). https://zonofeducation.com/innovative-teaching-strategies/.